

ANTIPONA SA KOMUNYON

BEATA viscera Mariæ Virginiſ, quæ portaverunt æterni Patris Filium.

MAPALAD ang sinapupunan ng Mahal na Birhen, yamang dinala niya ang walang hanggang Anak ng Ama.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

HÆC nos commúnio, Dómine, purget a crímine: et, intercedénte beáta Virgine Dei Genitríce Mariá, coeléstis remédii fáciat esse consórtes. Per eúndem Dóminum

ANG KOMUNYON na ito, O Panginoon, ay makapagpalinis sa lahat naming mga kasalanan; at sa pamamagitan ng Mahal na Virgeng Maria, Ina ng Dios, nawa'y magindapat kaming makabahagi sa lunas na makalangit. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

Hermanidad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Octubre 11

PISTA NI SANTA MARIANG VIRGEN, INA NG DIOS

Misa "Ecce Virgo"
II cl. • **Doblemayor** • Puti

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Is 7:14

ECCE Virgo concípíet, et páriet fílium, et vocábitur nomen eius Emmánuel. — *Ps 97:1* Cantáte Dómino cánticum novum: quia mirabília fecit. *V.* Gloria Patri. Ecce virgo.

NARITO, ang Birhen ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki, at siya ay tatawaging Emanuel. — *Salmo 97:1* Umawit kayo sa Poon ng bagong awitin; gumawa Siya ng mga kahanga-hangang bagay! *V.* Luwalhati sa Ama. — Narito, ang Birhen...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA) *

DEUS, qui de beátæ Mariæ Virginiſ útero Verbum tuum, Angelo nuntiánte, carnem suscípere voluísti: præſta supplícibus tuis; ut, qui vere eam Genetrícem Dei credimus, eius apud te, intercessiónibus adjuvémur. Per Dominum.

O DIOS, niloob mong ang iyong Salita na ibinalita ng anghel ay maging taong totoo sa sinapupunan ng Mahal na Birhen: ipagkaloob mo sa ming tumatawag sa Iyo, at kaming sumasampalatayang siya'y Ina ng Diyos, ay matulungan kami sa kanyang pagdalangin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PAGBASA • Sirac 25:23-31

Pagbasa mula sa mga Aklat ng Karunungan.

TULAD NG punong-ubas, nakatutuwa ang aking mga bunga; at ang bulaklak ko'y namunga ng dangal at kayamanan. Ako ang ina ng pag-ibig, at ng banal na takot, at ng kaalaman, at ng banal na pag-asa. Matatagpuan sa akin ang lahat ng biyaya ng tumpak na landas at katotohanan, at ang lahat ng pag-asa ng buhay at ng kabanalan. Lumapit kayong lahat na nananabik sa akin, at magpakabusog kayo sa aking mga bunga. Ang pag-alala ninyo sa akin ay mas matamis kaysa pulot na galing sa bahay-pukyutan. Kainin ninyo ako't inumin, at hihingi pa uli kayo. Ang sumusunod sa akin ay hindi mapapahiya, ang tumutupad ng aral ko ay di magkakasala. Ang magsasalaysay ukol sa akin ay magkakamit ng buhay na walang-hanggan. — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Is 11:1-2

EGREDIÉTUR virga de rādice Iesse, et flos de rādice eius ascéndet.

V. Et requiécet super eum Spíritus Dómini.

Allelúia, allelúia. *V.* Virgo Dei Génitrix, quem totus non capit orbis, in tua se clausit víscera factus homo. Alleluia.

MAY USBONG na lalabas mula sa tuod ni Jesse, at sisibol ang isang sanga mula sa kanyang mga ugat.

V. At ang mananahan ang Espiritu ng Panginoon sa kaniya.

Aleluya, aleluya! *V.* Birheng Ina ng Poong D'yos, dinala mo at kinupkop nang taimtim at mataos ang di kayang isaloob nitong buong sansinukob. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 2:43-51

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHO NG IYON: Sa pagbabalik nila ay nanatili ang batang si Jesus sa Jerusalem, ngunit hindi ito alam ng kanyang mga magulang. Sa pag-aakalang siya ay kasama ng pangkat, nagpatuloy sila sa maghapon ng paglalakbay. Pagkatapos, siya ay hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at mga kakilala, ngunit hindi nila natagpuan si Jesus. Kaya't bumalik sila sa Jerusalem upang doon maghanap. Pagkalipas ng tatlong araw, si Jesus ay natagpuan nila sa loob ng Templo. Siya'y nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya at nagtatanong sa kanila, at ang lahat ng nakakarinig sa kanya ay hangang-hanga sa kanyang pang-unawa at mga sagot. Namangha rin ang kanyang mga magulang nang siya'y makita. Sinabi ng kanyang ina, "Anak, bakit mo naman ginawa ito sa amin? Lubha ang aming pag-aalala ng iyong ama sa paghahanap sa iyo." Sumagot si Jesus, "Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi po ba ninyo alam na ako'y dapat kong iukol ang aking panahon sa gawain ng aking Ama?" Ngunit hindi nila naunawaan ang sinabi niyang ito. Siya'y sumama sa kanila pauwi sa Nazaret, at siya'y naging masunurin sa kanila. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Mt 1:18

CUM esset desponsáta mater eius María Ioseph, invénta est in útero habens de Spíritu Sancto.

NANG si Maria na kanyang ina at si Jose ay nakatakda nang magpakasal, nagdadalang-tao na si Maria sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

TUA, Dómine, propitiatióne, et beátæ Vírginis et Matris Maríæ intercessióne, ad perpétuam atque præsentem hæc oblátio nobis proficiat prosperitátem et pacem. Per Dóminum.

PANGINOON, sa Iyong awa at sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Maria, ang mga handog na iniaalay sa Iyo ay maging aming kapakanan at kapayapaan ngayon at sa buhay sa kabila. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG MAHAL NA BIRHENG MARIA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus: Et te in *Festivitate* beátæ Maríæ semper Vírginis collaudáre, benedicere et prædicáre.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan: At sa araw na ito sa *Kapistahan* ng Mahal na Birhen ay nagpupuri, sumasmaba, at nagbubunyi kami sa iyo.

Quæ et Unigénitum tuum Sancti Spíritus obumbratióne concépit, et, virginitátis glória permanénte, lumen ætérnum mundo effúdit, Iesum Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat ipinaglihi niya ang Anak mong Bugtong, lalang ng Espiritu Santo at di nawala ang kanyang pagkabirhen nang isilang sya, ang aming Panginoong Jesucristo, liwanag na walang hanggan ng daigdig.

Per quem maiestatem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælórúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admitti iúbeas, deprecámur, súplici confessióne dicéntes: — Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Ang mga hukbo ng langit at ang mga Virtud at ang mga pinagpalang Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**